REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 01-307

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG ALTERASYON NG PINAGTIBAY NA SUBDIVISION PLAN NG BAYFAIR OF MARGANA SUBDIVISION NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*********************************************************************

Ipinanukala nina:
***KGG. JO JASON T. ALCARAZ***
***KGG. MARIO E. BULAY, JR.***
***KGG. BAL NIEFES***
***KGG. LUCIO B. CONSTANTINO***
***KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.***
***KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO***
***KGG. RAUL R. CORRO***
***KGG. NICANOR L. ECHAVEZ***
***KGG. VICTOR L. ULANDAY***
***KGG. DANTE S. ALMARIO***
***KGG. ELMER S. ESPELETA***
***KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.***
***KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC***
***KGG. ALLAN REY A. CAMILON***

*********************************************************************

**SAPAGKAT,** ang ***Alsgro Industrial and Development Corporation*** (AIDC) sa pamamagitan ni **Bb. Rowena Azurin**, General Manager ng kumpanya, ay humingi sa Pamahalaang Lokal, at ito ay nabigyan, ng ***Preliminary Approval for Subdivision Plan at Development Permit*** para sa kanilang subdivision development na **Bayfair of Margana Subdivision** sa lote na pag-aari ng **Argana family** na matatagpuan sa Barangay Putatan, Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** habang ginagawa ang nasabing subdivision, minungkahi ng **Housing and Land Use Regulatory Board** (HLURB) sa AIDC na lakihan ang lapad ng kalsada ng subdivision ng dalawang (2) metro, o mula walong (8) metro patungong sampung (10) metro.

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng ***Executive Order No. 71,*** sa pamamagitan ng ***Republic Act No. 7160***, o ***Local Government Code ng 1991***, ang kapangyarihan ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) na magpatibay ng preliminary at final subdivision plans ng lahat ng subdivisions ay inilipat na sa mga pamahalaang lokal o Local Governments Units;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa **Republic Act No. 7160**, partikular ang *Seksyon 458 (2) (x),* ang Sangguniang Panlungsod sa Batas ay may kapangyarihang magproseso at magpatibay ng mga residensyal, komersyal, o industriyal na gamit at iba pang pagpapaunlad na proyekto,

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng **Kautusang Panlungsod 91-39** ng Lungsod ng Muntinlupa ang kapangyarihan ng Sanggunian na magpatibay ~~ng mga~~ Subdivision Plans;

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**SAPAGKAT,** ang kapangyarihan ng Sanggunian Panlungsod ng Muntinlupa na magpatibay ng Subdivision Plans ay nangangahulugan din ng kapangyarihan na baguhin ang mga pinagtibay na Subdivision Plans;

**SAPAGKAT,** ang ***Alsgro Industrial and Development Corporation*** ay nagsumite ng mga dokumento alinsunod sa hinihingi ng batas upang ang kanilang hinihiling na alterasyon ng pinagtibay na subdivision plan ng **Bayfair of Margana Subdivision** ay mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** matapos ang masusing pag-aaral sa mga dokumentong isinumite at dahil na rin sa rekomendasyon nang Panlungsod na Administrador ng Pagsona, nararapat na pagtibayin ang nasabing alterasyon na pinalalakihan ang lapad ng kalsada sa loob ng Bayfair of Margana Subdivision;

**NGAYON, DAHIL DITO,** sa bisa ng kapangyarihang inilipat sa Sangguniang Panlungsod na tungkulin ng **Housing and Land Use Regulatory Board** (HLURB), ay buong pagkakaisang pinagtitibay ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang alterasyon ng pinagtibay na subdivision plan ng **Bayfair of Margana Subdivision** na matatagpuan sa Barangay Putatan, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY,** ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ngayong ika-31 ng Enero, 2001 sa kanilang ika-112 Regular na Sesyon.

**SANG-AYON:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod



**Dr. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

**ALLAN REY A. CAMILON**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**SANGGUNIANG PANLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ________

*Norie/*

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines

Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196